**MAIKLING KASAYSAYAN NG IUE CAROMATIG**

**ANG PAGSISIMULA**

Taong 1979 nagsimula ang Gawain dito sa caromatig bilang misyon area ng Unida de Cristo sa pamamagitan ng mga bible studies sa mga magsasaka at mga kapit-bahay at pagbuo ng organisasyon ng mga kabataan na aktibong lumahok sa produksyon, pagtatanim ng palay, pag-aani ganon din sa mga palaro ng volley ball sa mga kabataan at mga singing contest sa nayon tuwing piyesta.

Dahil masyadong malayo kami sa KM 11 nagpasyang itayo ang worshipping community dito at naitayo ang isang kubo na yari sa pawid na syang lugar ng pananambahan at kung lunes hanggang biyernes ay lugar ng pag-aaral ng mga educare sa pangunguna ng yumaong Kap. Ligaya Esperida.

Nagpatuloy ang mga Gawain sa pangunguna ni Rev. Dominador Perez na noon ay tagapamahalang pastor ng Caromatig sa kabila ng mga bagyo at kalamidad na halos taon taon ay nagdadaan. Ang dating pawid na unang pinagtitipunan at lugar ng pag-aaral ng mga bata ay nasira ng anay kayat ng masira ito ay matandang bahay ng mag-asawang Magdalena at Amado Morada kami nanambahan at ang mga Sunday school ng mga bata ay sa mga puno ng kahoy. Kapag mainit ang panahon ay sa mga lilim ng kahoy kami gumagawa ng altar at doon kami nagdadaos ng pananambahan. Hindi kami natinag ng mga panahong iyon. Hanggang sa nagpatayong muli ng isang bahay sambahan sa lote na ipinagkaloob ng Morada Family. Pinagtulong tulungan itong itayo ng mga miyembro maging ng pinakamaliit na bata na naghakot ng mga bato, ng lupa at nagtulong tulong na maitayo ang medya talyeng building. Taong 1997 ay inordinahan si Rev. Del Esperida at naging destinong manggagawa dito sa Caromatig. Doon naman nagsimula ang Morada Ramos Elementary School na noon ay extension ng Carolina Elementary School habang wala pang building para dito na naipapatayo. Noong nagdaan ang bagyong Undoy nadaganan ng naputol na niyog ang kapilyang bantayog ng pagkakaaisa, nadurog lahat ng gamit maging ang mga upuan ay inilipad sa gitna ng tubigan. Ang natira lamang na nakatayo ay ang 3 haliging semento na pinagkunan namin ng inspirasyon na ang presenysa ng Panginoon sa pamamagitan ng Ama, Anak at Espiritu Santo ay buhay at laging kasama namin. Mabigat na pagsubok ito sa amin pero nagpatuloy hanggang sa mabigyan kami ng AKBAYAN Party List ng isang multi-purpose buiding kaya't dito kaming muli nagsagawa ng mga pagsamba at mga pangkomunidad na mga pagtitipon. Ang minamahal na Mayor Jess Robredo na noon ang Mayor na Naga ay madalas pumupunta dito sa Caromatig lalo na ng magkaroon na ng Morada Ramos Elem. School. Kaya't bago sa nagtapos ang kanyang termino bilang mayor sa ikatlong term ay nangako sya na magpapatayo dito ng isang mas malaking multi- purpose hall at evacuation center sa panahon ng mga bagyo. Natayo ang bagong gusali noong 2012na nagkakahalagang 1.7M at pinasinayaan ito nina Cong. Leni Robredo (asawa ni Mayor Jess Robredo) at Pred. Justice Raoul V. Victorino na ngayon ay Obispo na.

**ANG BUHAY NG IGLESIA KASAMA ANG KOMUNIDAD**

Ang Igesia ay nabuhay na katuwang ang komunidad. Kasama ang mga tao, mga magsasaka, mga nanay, mga kabataan maging ang mga bata ay naglunsad ng mga community planning at

doon pinagusapan ang mga problema at solusyon at paano ito isasagawa ang mga solusyong natukoy. Sa pangunguna ng simbahan ay nagsagawa ng mga sumusunod at nagkaroon ito ng katuparan:

1. Pagkakaroon ng paaralan – gusali at guro na nagsimula mula kinder hanggang grade 6. Noon ay ginagawa ang mga graduation ceremonies at malakihang school activites dito sa buiding na ito.
2. Morada Ramos Road nagsagawa ng petisyon sa pangunguna ng simbahan na magkaroon ng kalsada upang maayos at maging madali ang paglalabas ng mga produkto. Noon ang mga tao ay walang maayos na daan kahit saan kami lumulusot maging sa bakod ng Buena Vida subdivision ay umaakyat makatawid lang sa pinakamalapit na lakarin mula sa bayan. Panahon na DILG Secretary si Ex Mayor Robredo nang ipinagawa ang sementadong kalsadang ito.
3. Pagkakaroon ng Kuryente sa Lugar- Dumating dito sa lugar ang noon ay katatapos lamang magaral sa seminaryo ang ating pastor Del ngayon, kasama ang pamilya dahil namatay na ang aming ama upang magpatuloy sa pagaasikaso ng bukid at makasama ng aming ina sa pagaasikaso ng mga kapatid. Walang kuryente kaya napakahirap ng buhay. Unang inasikaso ang pagkakaroon ng kuryente. Salamat katuwang ang city Mayor Jess Robredo 3 taon pinasok ng Casureco ang Caromatig.
4. Pagkakaroon ng mabilis na pagtugon thru relief and rehabilitation tuwing magkakaroon ng bagyo. Laging una, kailan man  hindi nahuli sa pagtugon, tinitiyak na may maayos na sistema at proseso sa implementasyon ng mga proyekto katuwang ang mga partners tulad ng NCCP, ACT Alliance at BREC at iba pang disaster preparedness partners and NGOs.
5. Katuwang ng MRES sa mga programang pang kagalingan ng mga bata (feeding program with Korean Missionaries) at iba pa.
6. Aktibong kasapi at buhay na pkikipagugnayan at pakikibahagi sa ibat ibang ahensya, sa barangay at sa City LGU.
7. Naglunsad ng 2 beses na Community Pantry noong June 4 at July 24 – 25, 2021 na naging malaking tulong sa mga pamilyang higit na nahirapan sa panahon ng pandemya
8. Kasama ang mga kaabataan sa komunidad ay naglunsad ang Iglesia ng 3 beses na palarong basketball tuwing buwan ng Oktubre sa pagdiriwang ng Youth and Chidren's month ka partner ang barangay, SK at City LGU.
9. May mga tanging pagdiriwang din tulad ng masayang Paskuhan sa Sona 2 at Christmas Fellowship at Gift giving at pagkalinga sa mga senior citizen.

Sa panahon ng pandemya hindi natinag ang Iglesia. Nagkaroon man ng mga karanasang ipinagbawal ng pamahalaan ang pgdalo sa mga pananambahan at mga religious gatherings pero hindi kami nag patinag,kasama ang mga taong lubos na nagtiwala at lalong kumapit sa pangako ng Panginoon – "Hindi ko kayo iiwan ni Pababayaan man". Walang makapaghihiwalay sa atin sa pag ibig ng Dios.

Tunay at totoo Ang Iglesia Unda Ekyumenikal sa Caromatig: magpapatuloy baon ang nakaraang karanasan at inspirasyon sa kasalukuyan.